

KATAYUAN AT AMBAG NG LINGGWISTIKS SA PILIPINAS (1898-1998)

Jessie Grace U. Rubrico

Ang mga pag-aaral sa mga wika sa Pilipinas ay maaring hatiin sa peryodisasyong (a) 1565 -1898 -- mahigit na 300 taon, bago natin nakamtan ang kalayaan-- at (b) 1898-1998, isang daang taon pagkatapos nating matamo ang ating kalayaan. Layunin ng pag-aaral na ito ang pagsuri sa katayuan at ambag ng linggwistiks sa lipunang Pilipino sa loob ng dantaong ito.

Mga Pag-aaral Panahon ng mga Kastila (1565-1898)

Karamihan sa mga naunang pag-aaral sa mga wika sa Pilipinas ay ginawa ng mga prayle upang magampanan ang kanilang misyon na gawing Kristiyano ang mga tao sa Pilipinas. Kaya hindi nakapagtataka na ang unang publikasyon ay ang *Doctrina Cristiana* sa wikang Tagalog -na nalimbag noong 1593 - at iba pang mga babasahin na may kaugnayan sa misa at sa pananampalataya at katesismo. Sila ay nagpalabas rin ng mga diksyunario, mga libro sa gramatika ng mga wika na kanilang pinag-aralan.

Marami ang pag-aaral na nagawa sa wikang Tagalog. Sa pagitan ng mga taong 1593 at 1648, may mga 24 na libro na ang nalimbag sa wikang Tagalog; lima sa Bisaya; tatlo sa Pampango, dalawa sa Bikol; at isa sa Ilokano. Ang unang libro sa Pangasinense ay nalimbag sa taong 1689.

Marami pang mga libro sa gramatika, bokabularyo, at iba pang babasahin at pag-aaral ang nalimbag pagkatapos nito dahil sa pagkakaroon ng imprenta sa apat na orden ng mga prayle na itinalaga sa iba't ibang parte ng Pilipinas batay sa hatian sa Pilipinas noong taong 1594. Ang Dominican na itinalaga sa Pangasinan at Cagayan ay nagkaroon ng sariling imprenta sa 1593, ang mga Franciscan naman sa Camarines ay nagkaroon nito noong 1606, ang mga Heswita na siyang kahati sa mga Agustinian sa kapuluan ng Bisaya ay nakapagtatag nito sa 1610, at ang mga Agustinian na siya ring may hawak sa Ilocos at Pampanga may imprenta na sa 1618.

Si Juan de Plasencia, na sakop sa ordeng Franciscan, ay inatasang gumawa ng gramatika, diksyunaryo at katesismo sa Tagalog sa taong 1580. Katulong niya dito si Miguel de Talavera, isang Kastila na nanirahan sa Pilipinas. Naging pari din si Talavera. Pinaniniwalaang ang *Doctrina Cristiana* na nalimbag sa 1593 ay nanggaling sa katesismong ginawa niya at inihanda para sa imprenta ni Fra Juan de Oliver. Si Oliver ay siya ring sumulat sa *Doctrina Cristiana* sa Bikol.

Sina Francisco Lopez at Pedro de la Cruz Avila ay mga Agustinian na gumawa ng gramatika at diksyonaryo ng Ilokano. Ang mga prayleng Dominican na sina Ambrosio Martinez de la Madre de Dios, Jacinto Pardo at Jose Bugarin ang gumawa ng gramatika at diksyonaryo ng Ibanag.

Ang mga pag-aaral sa gramatika at bokabularyo ng Bisaya ay pinangungunahan nina Francisco Encina, Alonso de Mentrída, Julian Martin, Juan Felix de la Encarnacion at iba pang mga Agustinian; at ang mga Heswitang sina Cristobal Jimenez, Pedro Oriol, Mateo Sanchez, Juan Antonio Campeon, atbp. Ang mga katesismo, gramatika, mga sermon, at diksyonaryo ng Pampango ay naisagawa naman ng mga prayleng Agustino tulad nina Diego de Ochoa, Francisco Coronel, Juan de Medina, atbp.

Ang iba pang mga pag-aaral na nagawa sa panahong ito ay ang sumusunod: (a) circa 1500 - *Pangasinan dictionary* (Castellano), *Arte, vocabulario y confesionario Pampango* (Ochoa), *Arte y vocabulario Tagalo at Diccionario Hispano-Tagalog* (Plasencia), *Arte y vocabulario Tagala* (Quiñones), *Diccionario Tagalog-Español* (Oliver);

(b) circa 1600 - *Vocabulario Ilocano* (Avila), *Arte de la lengua Igolata* (Marin), *Arte y diccionario de la lengua Ibanag* (Martinez de la Madre de Dios), *Diccionario del idioma Tagalog* (Montes y Escamilla), *Vocabulario de la lengua Tagala* (San Buenaventura);

(c) circa 1700 - *Tesaurus de la lengua de Pangasinan*, *Vocabulario de la lengua Pampanga* (Bergaño), *Tesaurus vocabulario de la lengua Yloca y Castellano* (Caro), *Vocabulario de la lengua Tagala* (Noceda), *Diccionario del dialecto Zambal* (San Damian), *Vocabulario de la lengua Bisaya-Samar-Leyte* (Sanchez), *Vocabulario de la lengua Tagala* (Sanlucar), *Diccionario del idioma de los Aetas* (Santa Rosa), *Diccionario Ilocano* (Serrano), *Diccionario Castellano-Calamiano-Castellano* (Virgen de Monserrate), *Diccionario de la lengua Ibanag* (Ynigues);

(d) circa 1800- mga diksyonario o bokabulario sa Batan-Castellano, Tiruray-Español (Bencuchillo at Bennasar), Bisaya (Aparicio), Tagalo-Aleman (Blumentritt), Visaya-Castellano (Monasterio), Ibanag-Español (Bugarin, Rodriguez), Español-Ibanag (Payo), Vocabulario Ibanag (Gayacao), Iloco-Español (Carro), Iloco-Castellano (Inderias y Viso), Isinay-Español (Vasquez), Pangasinan-Español (Cosgaya, Villanueva), Castellano-Pangasinan (Macaraeg), English-Sulu-Malay (Cowie), Tagalo-Castellano (Fernandez Luciano, Martin), *Hispano-Tagalog* (Serrano Laktaw), Español-Panayano (Gayacao), Bagobo-Español-Bagobo (Gisbert), Sulu at Malay (Haynes), Magindanao-Español (Juanmarti), Bikol (Lisboa, Perfecto), Gaddana (Sierra), German-Bontoc-Banaue-Lepanto-Ilocano (Schadenberg).

Ang binigay sa itaas ay iilan lamang sa mga sinulat ng mga prayle sa panahong ito. Ang mas kompletong bibliograpiya ay isinulat ni Jack Ward (1971). Malinaw na malaki ang kontribusyon ng mga Kastila sa linggwistiks sa Pilipinas dahil sa mga panimulang pag-aaral na nagsilbing unang hakbang tungo sa siyentipikong pagsusuri ng mga wika sa Pilipinas sa mga iskolar na sumunod sa kanila. Dagdag nito, ang kanilang mga pag-aaral ay iniingatan ng kani-kanilang mga orden kaya ang karamihan nito ay makikita pa hanggang ngayon, bagama't nakamicrofilm o nakaarkibo na o naka-exhibit na lamang sa Rare Books ang Manuscript Sections sa kanilang aklatan o sa mga pambansang aklatan.

Mga Pag-aaral mula 1898-1998

Iilang pag-aaral ng mga dayuhan. Ang *Gramatica Bisaya* (Guillen), *Diccionario de idiomas Filipinos* (Blumentritt), *Vocabulario Pangasinan-Castellano* (Austria Macaraeg) ay iilan sa mga pag-aaral noong 1898.

Ang siyentipikong pag-aaral sa wika ay nagsimula pagdating ng mga Amerikano. ang mga mahalagang pag-aaral sa panahong ito ay isinagawa nina Cecilio Lopez, Morice Vanoverberg, Otto Scheerer, Hermann Costenoble, Carlos Everett Conant, Frank R. Blake, and Leonard Bloomfield.

Ang anim na artikulo ni Costenoble ay tungkol sa mga salitang ugat na binubuo ng isang pantig lamang (*monosyllabic*), sa pagkakaiba at pagkakahawig ng mga tunog sa iilang *major* na wika sa Pilipinas, at ikinumpara rin niya ang mga pandiwa sa mga wikang ito. Si Otto Scheerer ay maraming naisulat, simula ng 1909 hanggang 1932, tungkol sa mga wika sa hilagang Luzon --Kalinga, Ilongots, Isinai, Batak, Isneg, at Bontoc. Si Vanoverbergh ay sumulat ng gramatika at diksyonaryo ng Iloko, mga etnograpiyang pag-aaral ng mga Isneg at Kankanay.

Si Conant ay may mga sampung pag-aaral tungkol sa mga wika ng Pilipinas mula 1908 hanggang 1916. Kabilang na rito ang mga pag-aaral sa ponolohiya ng Turirai (1913); ang ebolusyon ng "pepet vowel" sa 30 wika sa Pilipinas; ang mga tunog na "f" at "v" sa ilang wika sa Pilipinas; at ang *correspondence* ng mga tunog na R-G-H-Y-NUL at R-L-D-G sa mga wika sa Pilipinas--na kung saan iklinasipay niya ang mga wikang Tagalog, Bikol, Bisaya, Ibanag, Magindanao, Tausug, at Bagobo bilang "*g-languages*," ang Ilokano at Tiurai, "*r-language*," ang Pangasinense, Kankanai, Ibaloy, Bontoc, at Kalamian "*l-languages*," at ang Kapampangan, Ivatan, Sambal, "*y-languages*." Tiningnan rin niya ang ebolusyon ng tunog na /l/ sa Indonesia sa Tagalog, Bisaya, Bontok, Kankanay, Samal, Mandaya, Isinai, Sambali, Inibaloi, Ivatan, at Ilongot. May mga pag-aaral rin siya tungkol sa gramatika ng wikang Isinai at sa mga salitang ugat sa Kapampangan na naging *monosyllabic*.

Si Blake ay sumulat ng mga 15 na artikulo tungkol sa mga wika ng Pilipinas mula 1911 hanggang 1950, ang pito nito ay tungkol sa wikang Tagalog. Ang kanyang gramatika sa wikang Tagalog ay tinagurian ni Constantinoblang pinakamahalagang kontribusyon ni Blake sa linggwistiks sa Pilipinas.

Ang gramatikal na pagsusuri ni Bloomfield sa wikang Tagalog ay ang pinakamagaling na naisagawa sa anumang wika sa Pilipinas ayon kay Cecilio Lopez. Malaki ang naiambag nito sa pag-aaral morpolohiya at sintaks sa Tagalog. Maliban dito, sinuri din ni Bloomfield ang sintaks ng Ilokano.

Kabilang sa mga dayuhan na nag-aaral sa mga wika sa Pilipinas si John U. Wolff ng Unibersidad ng Cornell. Cebuano ang kanyang espeyialisasyon. Sumulat siya tungkol sa morpolohiya, sintaks ng Cebuano at ng mga pedagogyikal na libro. Lumabas noong 1972 ang kanyang diksyonaryo ng Cebuano Visayan. Isa pang iskolar sa mga wikang Bisaya ay si David Zorc na siyang nagklasipay ng mga wikang Bisaya at gumawa ng rekonstruksyon sa mga ito (1975). Gumawa din ng grammar sina Dubois sa Sarangani Manobo, Wolfenden sa Hiligaynon, Bell sa Cebuano, Eyestone sa Ilocano.

Ang iilan sa mga wika na nagawan ng grammar, diksyonaryo o bokabularyo mula 1898 hanggang sa kasalukuyan at ang mga dayuhang iskolar na gumawa ng pag-aaral ay ang mga sumusunod: **Abaknon**, Pallesen; **Agta**: Central Cagayan, Oates at Oates, Mayfield at Mayfield; Dupaninan Agta, Nickell at Nickell; **Agutayen**, Hendrickson atbp; **Aklanon**, Zorc; **Bikol**, Mintz, McFarland; **Balangao-Ilocano-Pilipino**, Shetler; **Bantoanon**, Hindrickson at Kilgour; **Batak** -Mayer at Rodda, Warren; **Binukid**, Gardner; **Bukidnon**, Lynch, Gardner at Post; **Bilaan**, Word; Sarangani Blaan, Blackburn; Koronadal Bilaan, Rhea at Rhea; **Bolinao**, Persons at Persons; **Bontok**, Reid; Barlig Bontoc, Gunther; **Buhid**, Hanselman atbp; **Dumagat** -Casiguran Dumagat, Headland at Headland; Umiray Dumagat, Macleod atbp; **Ga'dang**, Troyer, Forfia at Walrod; **Hanunoo**, Conklin; Hanunoo-Mangyan-Ambahan, Postma; **Ibaloi**, Ballard, Conrad at Longacre; Ibanag, Santo Tomas;

Ibatan, Maree at Maree, Larson; **Ifugao** -Batad, Newell at Newell; Amganad Ifugao, West at Madrid; Kiangnan Ifugao, Barton; Ifugaw, Beyer at Lambrecht; Mayoyao Ifugao, Hodder at Kerley; Tuwali Ifugao, Hohulin at Hohulin; **Igorot** -Bontok Igorot -Clapp, Seidenadel, Waterman; Lepanto Igorot, Vanoverbergh; Sagada Igorot, Scott, Eggan; **Ilocano** -Williams, Williams at Gaces, Yamamoto (English-Ilocano-Pangasinan-Japanese), Eyestone; **Ilongot**, Fox; **Iraya**, Page at Dombre; **Itawis**, Richards at Richards; **Ibayaten**, Yamada; Binogan **Itneg**, Walton.

Kalagan -Kagan Kalagan, Wendel atbp. Tagakaulo Kalagan, Murray at Murray; **Kagayanen**, Huggins at Pebley, MacGregor at MacGregor; **Kalinga** -Timog Kalinga, Grayden; Pilipino-Ilokano-Timog Kalinga, Grayden atbp.; Guinaang Kalinga, Gieser; Limos Kalinga, Wiens at Wiens; Upper Tanudan Kalinga, Brainard; Lower Tanudan Kalinga, Thomas at Thomas; **Kankanay**, Allen at Allen; Northern Kankanay, Wallace; **Keley-i Kallahan**, Hohulin at Hohulin;

Maguindanao -Porter, Fleischman, Moe; **Mamanwa**, Miller at Miller; **Mandaya**: Dibabaon Mandaya, Bernard at Forster; **Mangyan** -Gardner, Barbian; **Manobo** -Sarangani Manobo, Dubois; Central Mindanao. Western Mindanao Manobo. at Bukidnon Manobo. Elkins at Elkins: Cotabato Manobo.

Errington atbp; Obo Manobo, Khor atbp; Agusan Manobo, Schumacher; Ilianen Manobo, Wrigglesworth; **Mansaka** -Thomas at Thomas, Svelmoe at Svelmoe; **Maranao** -Laubach at Zwickley, Hamm atbp.,McKaughan at Macaraya; **Masbatenyo**, Wolfenden at Wolfenden; **Molbog**, Thiessen at Thiessen;

Negrito Tayabas, Garvan; **Palawano**, Duhe at Duhe; **Pampango** -Parker, Forman; **Pangasinense** -Rayner, Benton; **Samal**, Bartter, Tawitawi Samal, Conklin; **Sama** -Sama Sibutu, Allison; Sama Japun, Conklin, Forman; Pangutaran Sama, Walton atbp, Southern Sama, Allison, Drake at Drake; Proto-Sama Badjaw, Pallesen; Sama Balangingi, Diment atbp. Sama Abaknon, Jacobson at Jacobson; **Sambal**: Botolan Sambal, Houck, Tina Sambal, Goschnick;

Sangir -Lightbody, Maryott atbp; **Subanon** -Churchill, Frake, Brichoux at Brichoux; Western Subanen, Hall at Hall; **Sulu** -McCutchen; Sulu-Malay-Yakan, Gunther at Whitaker, Johnson; **Tagabili** -Lindquist, Forsberg, Maryott atbp, Moran atbp, Porter at Hale;

Tagalog -Anceaux, English, Haynor, Ignashev (Ruso-Tagalog-Ruso), Kasai, Neilson, Nigg, Bickford at Bickford, Wolff (Deutsch-Tagalog); **Tagbanua**, Fox, Dubois, Green at Green; **Taosug** -Link, Ashley at Ashley, Copet; **Tiruray** -Post at Strohsahl, Schlegel, Wood, Thomas atbp; **Visaya-Español** -Alcazar, Medalle y Zaguirre; **Visaya-English** -Allin, Cohen atbp., Hall at Custodio, Maxfield, Kaufmann, Lynch, Rafferty, Jonkergouw at Mierhofer, Meiklejohn at Meiklejohn, Nelson; **Yakan**, Sherfan, Behrens.

May mga dayuhang iskolar din na nagklasipay sa mga wika sa Pilipinas tulad nina Conklin, Dyen, Thomas at Healy, Chretien, McFarland, Pallesen, Reid, Walton, Zorc.

Mga pag-aaral ng mga linggwistang Pilipino

Si Cecilio Lopez ay ang pinakaunang linggwistang Pilipino. Natapos niya ang kanyang Ph.D sa Linggwistik sa Unibersidad ng Hamburg noong 1928. Sinulat niya noong 1940 ang kanyang gramatika ng wikang Tagalog matapos iproklama ang Tagalog bilang batayang wika sa wikang pambansa. May mga humigit-kumulang 30 na pag-aaral ang naisagawa ni Lopez tungkol sa mga ponolohiya, morpolohiya, sintaks ng mga wika sa Pilipinas mula 1928 hanggang 1967. Tinalakay rin niya ang leksikon sa Tagalog at Malay at ang pangkalahatang katangian ng mga wika sa Pilipinas.

Isa pang kilalang linggwista sa Pilipinas ay si Ernesto Andres Constantino. May mga 11 na artikulo kanyang naisulat mula 1959 hanggang 1970. Isinulat niya noong 1964 ang "*Sentence patterns of the ten major Philippine languages*" na naghahambing sa istruktura ng mga pangngusap sa Tagalog, Waray, Bikol, Cebuano, Hiligaynon, Tausug, Ilokano, Ibanag, Pangasinense, Kapampangan. Sa 1965 lumabas ang kanyang "*The sentence patterns of twenty-six Philippine languages.*" Tinatalakay dito ang uri ng mga pangngusap batay sa mga istruktura na bumubuo nito at ang mga kaukulang transpormasyon. Ikinumpara rito ang mga major na wika at ang iilang maynor na wika tulad ng Abaknon, Bolinao, Botolan, Isinai, Itbayat, Itneg, Ivatan, Malaweg, Manobo, Sama Bangingi, Igorot, Tausug, Ternate, Tingguian, Ylianon, at Yogad.

Noong 1970 ay sinulat niya ang "*Tagalog and other major languages of the Philippines*" na naglalahad ng deskripsyon at ebalwasyon sa mga naisagawang pag-aaral sa linggwistika ng Pilipinas mula sa panahon ng mga Kastila hanggang 1970. Lumabas ang pre-publication na isyu ng kanyang English-Filipino Dictionary noong 1996 at noong 1997 naman ay lumabas ang Diskyong Filipino-Ingles. Bukod nito nasulat rin niya ang sumusunod na mga bilinggwal na diksyonaryo sa Ingles at Ilocano, Aklanon, Bikol, Cebuano, Kapampangan, Kinaray-a, Pangasinan, Romblomanon, Sambal, Waray-waray, Tausug, at ang *Comparative dictionary of Tagalog*.

Si Consuelo J. Paz ay sumulat ng deskripsyon at ebalwasyon sa mga naunang pag-aaral sa humigit-kumulang 50 na maynor na wika sa Pilipinas, kabilang na nito ang Agta, Aklanon, Binukid, Dibabaon, Itbayat, Kankanay, Kalinga, Kinaray-a, Mansaka, Mamanwa, Manobo, Tagakaolo, Tagabili, Tausug, Yogad. Kasali rin ang Bagobo, Bontoc, Bilaan, Chavacano, Kuyunin, Dumagat, Gaddang, Ibanag, Ifugao, Ilongot, Isinay, Itawis, Ivatan, Magindanao, Maranao, Mangyan, Nabaloi, Sambal, Sangir, Subanon, Tiruray, Tagbanwa, at Yakan. Isa pang malaking ambag ni Paz sa linggwistika sa Pilipinas ay ang kanyang historikal na pag-aaral na pinamamagatang "*A Reconstruction of Proto-Philippine Phonemes and Morphemes*" (1981).

Si Fe Otones ang katuwang na awtor ni Paul Schachter sa pagsulat ng gramatika ng wikang Tagalog (1972) na nakatulong sa maraming iskolar sa larangang ito. Sumulat din ng grammar sa Ivatan si Hidalgo at Hidalgo; si Barlaan sa Summer Institute of Linguistics (SIL) sa Isneg; si Bunye at Yap, Luzares at Rafael, Doroteo, at Trosdal sa Cebuano. Si Viray ay may ginawa ring komparatib na pag-aaral sa mga gitlapi sa mga wika sa Pilipinas.

Si Teodoro Llamzon ay gumawa rin ng pag-aaral sa ponolohiya at sintaks ng Tagalog. Nalimbag ang dalawa niyang klasipikasyon sa mga wika sa Pilipinas (1966 at 1969). Maliban dito ay tinuonan din niya ng pansin ang debelopment ng pambansang wika at ang pagplano nito. May mga ilang artikulo din siyang naisulat tungkol sa pagtuturo ng wika.

Ang iilan sa mga iskolar na tumatalakay sa mga palisi at pagpapalano ng wika at sa wikang pambansa, bilinggwalismo at nasyonalismo ay sina Andrew B. Gonzalez, Bonifacio P. Sibayan, Pamela C. Constantino. Sina Ma. Lourdes Bautista, Emy Pascasio, Jonathan Malicsi, Zeus Salazar, Casilda Luzares ay nagbibigay pansin naman sa sosyolinggwistiks.

Sa larangan ng leksikograpiya, maraming Pilipinong iskolar ang namumukod. Isa na rito si Jose Villa Panganiban na sumulat ng mga diksyonaryong sumusunod: *English-Tagalog vocabulary* (1946), *Talahulugang Tagalog-Ingles* (1952-64), *Tesaurus diksyonaryo Ingles-Pilipino* (1965-66), *Talahulugang Pilipino-Ingles* (1966), *Concise English-Tagalog dictionary* (1969), *Diksiyunaryong Pilipino-Ingles* (1970), *Diksiyunaryo-tesauro Pilipino-Ingles* (1972), *Comparative semantics of synonyms and homonyms in Philippine languages* (1972).

Si Julio Silverio ay gumawa ng mga diksyonaryo sa Ingles-Pilipino-Ilocano, Ingles-Pilipino-Pangasinan, Pampango-Pilipino-Ingles noong 1976; Pilipino-Pilipino, Bicolano-Pilipino-Ingles, Ingles-Pilipino-Bicolano noong 1980. Si Mario Tunglo ay gumawa ng trilinggwal na diksyonaryo sa Ingles-Pilipino at Ilocano, Bicolano, Cebuano, Ilongo, Maranao, Pampango, Pangasinan, Waray at ng bilinggwal Ingles-Pilipino, Pilipino-Ingles mula 1986 hanggang 1988.

Ang iba pang mga diksyonaryo na nagawa ng mga Pilipinong iskolar sa panahong ito ay ang mga sumusunod: **Tagalog/Pilipino** -Tagalog-Ingles o Ingles-Tagalog -Anacleto, Buhain, Daluz, Jacobo, Ignacio, Laya at Laya, de Leon, Mallari at Tablan, Aldave-Yap, Manalili, Macapinlac at de Dios; English-Tagalog-Spanish, de Guzman atbp, Ignacio; Kastila-Tagalog, Paglinawan; Nippongo-Pilipino, Verzosa; English-Tagalog-Ilokano -Calderon, Calip, Calip at Resurrection, Silverio, Dagdagan, Cacdac at Cacdac; Ingles-Español-Ilocano-Pangasinan, Garcia; English-Tagalog-Ilokano-Visayan, Dizon; Español-Ilocano -Pacífico;

Cebuano -Bas, Bunye at Yap, Cabonce, Cuenco, Custodio, Makabenta; English-Visayan-Spanish, Gullas; English-Visayan-Tagalog, Hermosisima at Lopez, Rudifera, Guerrero, Jamolague; **Bikol** -Belen, Imperial; Ingles-Bikol-Castila, Dato; **Pampango**-Castellano-Ingles -Dimalanta atbp; English-Tagalog-Pampango, Manalili at Tamayo; **Hiligaynon**-English -Maroma, Motus; English-Tboli-Pilipino-Hiligaynon, Gendulan; **Waray-waray**-Pilipino, Andrada; **Subanu**-Visayan-Spanish-English, Lagorra; Sindangan Subanon-Cebuano-Pilipino-English, Guilingan atbp; **Matigsalug Manobo**, Manuel; **Bilaan**, Macabenta; **Gaddang** -Calimag; **Tausug**, Usman; **Chabacano**-English-Spanish, Camins at Riego de Dios.

Ang listahang ito sa linggwistik na mga pag-aaral ay hindi kompleto. Gayun pa man, maaring naipakita sa pamamagitan nito ang mga debelopment sa pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas mula sa panahon ng mga Kastila, sa rehimen ng mga Amerikano, at sa kontemporaryong panahon kung saan ang mga Pilipino mismo ang nag-aaral sa sarili nilang mga wika.

Ang linggwistik at ang isyu ng wikang pambansa

Ang wikang pambansa ay matagal nang naging isyu sa kapuluan ng Pilipinas na mayroong mahigit sa isangdaang etnolinggwistikong grupo. Ang usaping ito ay nagsimula noong 1908 pa kung kailan ipinasa ang panukalang batas na nagtakda sa pagtatag ng *Institute of Philippine languages* at ang pagsasanay sa mga guro sa gawaing ito. Tinanggihan ito sa Asembleya sa pamamagitan ng kanilang kinatawan na si Leon Ma. Guerrero na nagpahayag sa kanilang desisyon na wikang dayuhan, sa halip na katutubong wika, ang tugon sa pangangailan ng isang komon na wika sa Pilipinas.

Gayun pa man, iminungkahi ni G. Butte, ang ex-officio na Kalihim sa Instruksyong Pampubliko noong 1931, na gamitin ang bernakular bilang wikang pangturo sa mga antas I hanggang IV sa elementarya. Itinaguyod ito ni Representante Manuel V. Gallego sa kanyang pagpasa sa Panukalang Batas Bilang 588 na nagtakda sa wikang bernakular bilang wikang panturo sa elementarya at sekondarya sa lahat ng paaralang pampubliko.

Tinalakay ang isyu ng wikang pambansa sa Kombensyong Konstitusyonal noong 1935 at itinakda sa Seksyon 3 Artikulo XIII ang pagdebelop ng isang wikang komon batay sa mga sinasalitang wika sa Pilipinas. Tinatag ang National Language Institute noong Nobyembre 13, 1936 alinsunod sa Commonwealth Act Bilang 184 at inatasang gampanan ang isinasaad sa Sek. 3 Art XIII. Noong 1937 inirekomenda ng Institute ang Tagalog bilang wikang pambansa. Tinawag itong Pilipino ng Kagawaran ng Edukasyon noong 1959. Sa pasukan ng taong 1974-75, gradwal na ipinatupad ang paggamit ng Pilipino bilang wikang panturo sa mga subjek na Rizal at Kasaysayan sa mga unibersidad at kolehyo. Inumpisahan ng Board of National Education noong Agosto 7, 1973 ang bilinggwal na programa sa edukasyon --ang paggamit sa bernakular sa Grade I at II, Pilipino sa Grade III at IV, at Pilipino at Ingles sa hayskul at kolehyo.

Itinakda sa Konstitusyon ng 1973 na itaguyod ng National Assembly ang pagdebelop at ang pormal na pagtanggap sa komon na wikang pambansa na tinaguriang Filipino. Itinakda rin sa Konstitusyon ng 1987 na ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino; habang ito ay nililining, dapat itong payamanin at palaguin batay sa mga wikang ginagamit sa Pilipinas.

Ano ba ang Filipino? Ito ba ay Pilipino o Tagalog? Ito "ang tinatawag naming lingguwa prangka o Filipino" (Constantino, 1966: 180), "ay isang wikang kompromiso," (Atienza, 1996), "ang kulturang popular na nagmula sa Metro Manila at pinalaganap sa buong kapuluan" (Flores, 1996), "ang English-Tagalog code switch (Cruz, 1997). Kapansin-pansin ang pagkakaisa ng mga pahayag na ang Filipino ay ang kasalukuyang lingua franca sa Metro Manila na lumalaganap sa mga sentro ng mga rehiyon sa pamamagitan ng radyo, telebisyon, diaryo, sa mga kanta ng mga lokal na rock band. Ginagamit na rin ito bilang wika sa akdemya.

May kaibhan ba ang Filipino sa Pilipino? Ipinahayag ni Dr. Ernesto Constantino ang kaibhan sa dalawa: (1) Mas marami ang tunog o ponema ng Filipino; (2) magkaiba ang ortograpiya nila; (3) maraming hiram na salitang Ingles ang Filipino; (4) iba ang gramatikal na konstruksyon sa Filipino.

Hindi maipagkaila ang kahalagahan ng linggwistiks sa pagdebelop ng wikang pambansa. Ang syentipikong pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas ay mahalagang hakbang tungo sa isang komon na wika. Ang pagsusuri ng mga *cognate set* sa iba't ibang wika ay magbibigay ng komon na leksikon. Ang paghahambing ng mga tunog ay magpapalawak ng saklaw sa ponolohiya. Ang pagsusuri ng mga morpema -mga salitang ugat at mga panlapi, sa iba't ibang wika ay magpapaunlad at magpapayaman sa pambansang wika. Ang pagkukumpara sa sintaks ay maglalahad ng lalong akmang kabagayan sa mga konstruksyon na napaloob sa isang pangungusap. At dahil ito ay katipunan ng mga wika, itataguyod ito ng mga etnolinggwistikong grupo. Yayabong at uunlad ang wikang pambansa sa pamamagitan ng linggwistiks.

Marami nang pag-aaral ang naisagawa sa linggwistiks sa Pilipinas mula 1898 hanggang 1998. Guyun pa man, marami pa ring pag-aaral ang dapat isagawa sa larangan ng morpolohiya, semantiks, sosyolinggwistiks, sikolinggwistiks, dayakronik o ebolusyon at pagbabago ng mga wika, at maging sa ugnayan ng wika at kultura. Kailangan rin ang komparatib na pag-aaral upang maisulong ang wikang pambansa na maituring na talagang hango sa iba't ibang wika sa Pilipinas.

MGA SANGGUNIAN

- Atienza, Ma. Ela. 1996. Ang pulitika sa paggawa ng palisi ng wika. In Constantino and Atienza, (eds). *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Quezon City: UP Press.
- Bautista, Ma. Lourdes S. (ed.). 1996. *Readings in Philippine Sociolinguistics*. Manila: De La Salle University Press.
- Blake, Frank R. 1925. *A grammar of the Tagalog language*. New Haven, Connecticut: American Oriental Society.
- Bloomfield, Leonard. 1917. *Tagalog texts with grammatical analysis*. University of Illinois Studies in Language and Literature. Urbana, Illinois: University of Illinois.
- _____. 1942. Outline of Ilocano syntax. *Language*, 18:193-200. Conant, Carlos Everett. 1908. "F" and "V" in Philippine languages. Bureau of Science, Division of Ethnology Publications, :135-41. Reprinted in Galang 1958: 169-178.
- _____. 1910. The RGH law of Philippine languages. *Journal of American Oriental Society (JAOS)*, 30 (1): 70-85.
- _____. 1911. Monosyllabic roots in Pampanga. *JAOS*, 31(4):389-394.
- _____. 1912. The pepet law in Philippine languages. *Anthropos*, 7: 920-47.
- _____. 1913. Notes on the phonology of the Tirurai language. *JAOS*, 31:150-7.
- _____. 1916. Indonesian "l" in Philippine languages. *JAOS*, 36: 181-196.
- Constantino, Ernesto A. 1964. Sentence patterns of ten major Philippine languages. *Asian Studies*, 2(1): 29-34.
- _____. 1965. The sentence patterns in twenty-six Philippine languages. *Lingua*, 15 :71-124.
- _____. 1970. Tagalog and other major languages of the Philippines. In Thomas Sebeok, (ed). *Current Trends in Linguistics, Linguistics in Oceania*. The Hague: Mouton.

- _____. 1996. Mga linggwistik na ilusyon sa Pilipinas. In Constantino and Atienza, (eds.). *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Quezon City: UP Press.
- _____, Rogelio Sikat and Pamela Cruz. 1974. *Filipino o Pilipino?* Manila: Rex Bookstore.
- Costenoble, Hermann. 1937a. Tracing the original sound of the languages today. *Philippine Magazine*, 34: 24, 38-39.
- _____. 1937b. Monosyllabic roots. *Philippine Magazine*, 34:76, 82-84.
- _____. 1937c. The Philippine verb. *Philippine Magazine*, 34: 169-70, 180.
- Cruz, Isagani R. 1997. Ang Filipino sa Internet. In *Daluyan*, Vol VIII, No. 1-2. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, UP System.
- Flores, Patrick D. 1996. Pamamangka sa Maraming Ilog: Ang diseminasyon ng Filipino at ang mga daluyan ng kulturang popular. In Constantino and Atienza, (eds.) *Mga piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Quezon City: UP Press.
- Frei, Ernest J. 1949. The historical development of the Philippine national language. *Philippine Social Science Review*, 14 (4): 367-400, 15 (1): 45-81, 15 (2):163-95.
- Hendrickson, Gail R. and Leonard Newell. *A bibliography of Philippine language dictionaries and vocabularies*. Manila: Linguistic Society of the Philippines.
- Llamzon, Teodoro. 1966. The subgrouping of Philippine languages. *Philippine Sociological Review*, 14 (3): 145-150.
- _____. 1969. *A subgrouping of nine Philippine languages*. The Hague: Martinus Nijhoff.
- _____. 1972. The writing of grammar of the national language. In *Language Policy and Language Development of Asian Countries*, Ponciano Pineda and Alfonso Santiago, (eds.). Manila: Pambansang Samahan ng Linggwistang Pilipino, Ink. pp. 114-135.
- _____. 1978. *Handbook of Philippine Language Groups*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Lopez, Cecilio. 1930. A contribution to our language problems. *PSSR*, 3 (2): 107-117.
- _____. 1932. Our language problem. *PSSR*, 4 (2): 93-100.
- _____. 1939. *A comparison of Tagalog and Malay lexicographies (on phonetic-semantic basis)*. Institute of National Language Bul. # 2. Manila: Bureau of Printing.
- _____. 1941. *A manual of the Philippine national language*. Institute of National Language Bulletin # 5. Manila: Bureau of Printing.
- _____. 1965. Contributions to a comparative Philippine syntax. *Lingua*, 15:3-16.
- Paz, Consuelo J. 1981. A reconstruction of proto-Philippine phonemes and morphemes. In *Archives of Philippine languages*, Publication Three. Quezon City: Philippine Linguistic Circle, UP Diliman
- _____. 1984. Studies on Philippine minor languages. In *Archives of Philippine languages*, Publication Four. Quezon City: CSSP, UP Diliman.
- Phelan, John Leddy. 1955. Spanish Linguistics and Spanish Missionaries: 1565-1700. *Mid-America, an Historical Review*, 37 (13): 153-70.
- Rubrico, Jessie Grace. 1997. An annotated bibliography of works and studies on the history, structure and the lexicon of the Cebuano language: 1610 to 1996. Thesis (M.A. Linguistics), University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
- Santos, Emmanuel T. 1976. *The Constitution of the Philippines: Notes and Comments*. Manila: The

Philippine Society of Constitutional Law, Inc.

Sibayan, Bonifacio P. 1967. The implementation of language policy. In Ramos, Aguilar and Sibayan *The determination and implementation of language policy*

Scheerer, Otto. 1911. On a quinary notations among the Ilongots of northern Luzon. *Philippine Journal of Science (PJS)*, 6: 47-49.

_____. 1915. The particles of relation of the Isinai language. M.A. thesis in Linguistics, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.

_____. 1921. Kalinga Texts from Balbalasang-Ginaang group. *Philippine Journal of Science*, 19: 175-207.

_____. 1926. Batak texts with notes. *PJS*, 31: 301-341.

_____. 1928. Isneg texts with notes. *PJS*, 36: 409-447.

Vanoverbergh, Morice. 1916. *A grammar of Lepanto Igorot as it is spoken at Bauco*. Part VI, Bureau of Science, Division of Ethnology Publications, Vol. 5. Manila: Bureau of Printing.

_____. 1931. Iloko substantives and adjectives. *Anthropos*, 26 (3-4):649-88.

_____. 1955. *Iloko grammar*. Baguio: Catholic School Press.

Viray, Felizberto B. 1939. The infixes *la, li, lo and al* in Philippine languages. Publications of the Institute of National Language, Bul. # 3. Manila: Bureau of Printing.

Ward, Jack H. 1971. *A bibliography of Philippine linguistics and minor languages*. New York: Southeast Asia Program, Linguistic Series V. Data Paper No. 83.

Wolff, John U. 1965. Cebuano Visayan syntax. Ph.D. dissertation, Yale University.

www.geocities.com/ijrubrico
jaguar743@yahoo.com



Copyright (c) 1998 Language Links. All rights reserved.